

Teacher's Guide Primary 2

Aralin 1 Alamin ang Salita ng Diyos

Totoo: Ang salita ng Diyos ay totoo. Dapat itong alamin sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya.
(Reference: Awit 119:160)

Mabuti: Pag-aralan ang salita ng Diyos.

Tama: Makinig at sumunod sa magulang.

A. Panalangin — Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

B. Motivation. — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa Bibliya. (Halimbawa: Read your Bible.)

C. Bible Story: **Si Adan at si Eba (Gen. 2:7-3:19)**

Pagkatapos likhain ng Diyos ang lalaki, inilagay Niya ang tao sa Hardin ng Eden upang ito ay pangalagaan at pagyamanin. Sinabi ng Diyos, *Malaya mong makakain ang bunga ng kahit na anong puno sa hardin maliban lang ang bunga ng puno ng pagkaalam ng mabuti at masama sapagkat pag kinain mo ito, siguradong mamamatay ka.*

Sinabi din ng Diyos na hindi mabuting nag-iisa ang tao. Kaya pinatulog niya ng mahimbing ang tao na tinawag niyang lalaki at mula sa tadyang nito hinubog ng Diyos ang isa pang tao na tinawag naman niyang babae, sapagkat kinuha siya sa lalaki.

Ang ahas ay ang pinakatuso sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos. Isang araw tinanong nito si Eba...

Ahas: Totoo bang sinabi ng Diyos na huwag kayong kakain ng anumang bungangkahoy sa halamanan?

Eba: Maaari naming kainin ang kahit anong bunga sa halamanan huwag lang ang bunga ng puno na nasa gitna ng hardin. Hindi rin namin pwedeng hipuin kundi mamamatay kami.

Ahas: Hindi kayo mamamatay! Magiging katulad kayo ng Diyos na alam ang mabuti at masama.

Kaya kinain nga ng babae ang bunga at binigyan niya ang kanyang asawa. Pagkatapos kumain ni Adan, nakita nilang sila'y hubad kaya sila ay nagtago sa Diyos. Sila ay nagtahi ng mga dahon upang matakpan ang kanilang kahihyan. Pinalayas ng Diyos sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden. Makalipas ang maraming taon, sila ay namatay din.

D. Familiar Story

Sana Sumunod Ako

Si Charisse ay nasa grade 2. Mahilig siyang manood ng t. v.

Nanay: Charisse! Itigil mo na ang panonood ng t.v. Mag-aral ka na at may test ka pa bukas.

Charisse: Opo, Inay! Matatapos na po itong pinapanood ko.

Ngunit hindi namalayan ni Charisse na nakatulugan na niya ang programang pinanonood sa TV. Hindi na siya nagka-paghanda para sa test nila.

Kinabukasan sa kanilang klasrum, naghahanda na ang bawat isa para sa kanilang pangalawang test. Si Charisse ay hindi mapakali dahil alam niyang hindi siya nakapag-aral kagabi. Nang ibigay na sa kanila ang test paper, napakamot siya ng ulo at.... sinabing sana nakinig ako kay Nanay at nag-aral na lang ako kagabi.

E. Activity Time — Sagutin ang Activity sa workbook. Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata.

Checkan ang kanilang mga sagot. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento. Bigyang diin na mahalagang malaman ang katotohanan, ito ang salita ng Diyos. Ito dapat ang magsisilbing ilaw o gabay sa ating buhay na magdudulot sa atin ng karunungan na makikita sa ating mga gawa.

G. Mabuting Mamamayan.

- Bigyan diin na ang bata ay dapat na nakikinig at sumusunod sa kanilang mga magulang. Ito ay isa sa mga kautusan ng Diyos.
- Ang pakikinig at pagsunod sa kanilang mga magulang ay tamang gawin. Ang tama ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Sa tuwing ginagawa nila ang kalooban ng Diyos tama ang kanilang pagkilos at ito ay nakapagbibigay kasiyahan sa kanya.

H. Preventive Health Care.

Paggugupit ng kuko gamit ang nail cutter.

- Kahalagahan—upang mabawasan o maiwasan ang pagpasok ng dumi at germs na nagiging sanhi ng pagkakasakit.
- Kailan dapat gawin—kahit gaano kadalas kung kinakailangan.
- Tamang pamamaraan—gupitin ang bawat kuko ng obal na hugis. Iwasan ang paggupit sa kuko ng sobrang ikisi upang maiwasan din ang pagsusugat sa paligid ng kuko.

I. Homework — Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang workbook.

- Sabihin sa mga bata na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.
- Ipasaulo sa kanila ang Awit 119:160 – “Ang lahat mong salita ay totoo, lahat ng kautusan mo’y matuwid at walang hanggan.”
- Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson.

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

Aralin 2 Pag-isipan ang Salita ng Diyos

Totoo: Basahin at pagbulay-bulayan ang salita ng Diyos upang maging tama ang lahat ng gagawin. (Reference: Josue 1:8)

Mabuti: Isaisip at isapuso ang salita ng Diyos.

Tama: Isabuhay ang salita ng Diyos upang magawa ang kanyang kalooban. Pakinggan, sundin at igalang ang mga magulang.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible Story: **Cain at Abel (Genesis 4:1-16)**

Pagkatapos palayasin ng Diyos sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden, sila ay nagkaanak ng dalawang lalaki. Ang panganay ay si Cain na isang magsasaka at ang sumunod ay si Abel na isang pastol.

Isang araw, naghandog ang magkapatid sa Diyos. Si Abel ay pumili ng pinakamagandang alaga niyang tupa. Si Cain naman ay kumuha ng ilang bunga mula sa bukid na kanyang sinasaka. Ang Diyos ay nalugod sa handog ni Abel sapagkat ito ay nanggaling sa kanyang puso na may

pananalig sa salita ng Diyos. Ngunit ang handog ni Cain ay hindi naging katanggap-tanggap sa Diyos.

Dahil dito, nagalit si Cain at nabakas ito sa mukha niya. Kaya naman sinabi ng Diyos kay Cain: *Bakit ka nagagalit? Bakit ganyan ang mukha mo? Kung tama ang ginawa mo, hindi ka ba kalulugdan? Ngunit kung di tama ang ginawa mo, laging papasukin ka ng kasalanan. Paghaharian ka nito pero kailangang pagtagumpayan mo ito.*

Hindi nakinig at hindi nagtiwala si Cain sa salita ng Diyos. Kaya ang galit ni Cain ay nauwi sa poot. Ang kanyang poot ay nauwi sa pagpatay sa kanyang kapatid. Dahil dito sinumpa ng Diyos si Cain. Siya ay pinalayas sa lupa kung saan niya pinatay si Abel. Nilagyan siya ng Diyos ng tanda upang hindi siya patayin ng sinomang makakita sa kanya. Si Cain ay umalis sa harapan ng Diyos at nanirahan sa lupain ng Nod.

D. Familiar Story:

Ano ang Nasa Puso Mo?

Ang pamilya Juanico ay nag-uusap tungkol sa nalalapit na graduation ng mga bata. Alam nina Patrick at Jon kung anong sakripisyo ang ginagawa ni tatay upang makapag-aral lang sila.

Tatay: Mag-aral kayo ng mabuti para sa ikabubuti ninyo. Kung kaya ng budget natin, maghahanda tayo sa graduation ninyo.

Jon at Patrick: Yehey!

Sina Jon at Patrick ay kambal at parehong matalino. Ngunit sila ay magka-iba ng ugali. Si Jon ay seryoso pagdating sa pag-aaral. Gusto niyang maging masaya ang Diyos dahil sumusunod siya sa kanyang mga magulang.

Si Patrick ay hindi masyadong nag-aral dahil sa palagay niya ay marami na siyang alam. Ang gusto lang niyang gawin ay maglaro.

Sa araw ng graduation nila, si Jon ay nakasama sa top 10 ng klase nila. Tuwang-tuwa ang kanyang mga magulang. Nainggit si Patrick sa kapatid niya. Nagsisisi siya dahil hindi siya nakinig sa salita ni tatay.

F. Gabay ng Buhay — Muling balikan ang kuwento. Bigyang diin

na mahalagang isaisip at isapuso ang salita ng Diyos upang makagawa ng tama at mabuti. Ang paggawa ng tama ay ayon sa kalooban ng Diyos. Ang mabuting gawa ay nagbibigay kasiyahan sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na kapag isinapuso at isip ang paalala ng magulang.
- Kapag ang paalalang iyon ay nabigyan ng halaga, nakikita ito sa pagsunod kaya naman ito ay nagbubunga ng kasiyahan sa magulang at lalong lalo na sa Diyos.

Aralin 3 Sundin ang Salita ng Diyos

Totoo: Ang pakikinig at pagsunod sa salita ng Diyos ay magliligtas sa atin mula sa kapahamakan.
(Reference: Gen. 6:9-9:13)

Mabuti: Sundin ang salita ng Diyos.

Tama: Isauli ang hindi sa iyo.

B. Motivation — Magpakanta ng awit na may kinalaman sa mga hayop na nilikha ng Diyos.

C. Bible Story: **Si Noah (Gen. 6:9-9:13)**

Si Noah na lamang ang matuwid na tao na nagbibigay kaluguran sa Diyos nang mga panahong

iyon. Nalungkot nang lubos ang Diyos sa sukdulang kasamaan ng mga tao sa daigdig. Kaya sinabi ng Diyos kay Noah ang Kanyang planong pagpuksa sa mga tao at pagwasak sa buong daigdig.

Inutusan Niya si Noah na gumawa ng isang napakalaking barko na yari sa kahoy na sipres, kasama ang kanyang mga anak na sina Shem, Ham at Jafet, sila ay nagtulong-tulong sa paggawa ng malaking barko. Pinapasok ng Diyos sa loob ng barko sina Noah at ang kanyang pamilya kasama ang isang pares ng lahat ng uri ng maliliit at malalaking hayop, at ng mga iba't ibang uri ng ibon. Bumuhos ang ulan sa loob ng apatnapung araw. Tumaas ng tumaas ang tubig hanggang sa nalunod at namatay ang lahat ng tao pati na ang lahat ng mga bagay na gumagalaw sa lupa. Binaha ang buong daigdig ng 150 araw. Naalala ng Diyos si Noah at ang lahat ng mga kasama nito sa barko kaya nagpadala Siya ng hangin upang humupa ang tubig hanggang sa sumadsad ang barko sa bundok. Unti-unting lumitaw ang mga kabundukan hanggang sa lumitaw na ang tuyong lupa. Lumabas sina Noah at ang lahat ng uri ng hayop na kasama nila sa loob ng barko. Si Noah ay gumawa ng dambana at naghandog sa Diyos. Pinagpala ng Diyos si Noah at ang kanyang mga anak.

Sinabi ng Diyos kay Noah na palilitawin Niya sa ulap ang isang bahaghari bilang tanda na hindi na mangyayari na ang lahat ng buhay ay mawawasak dahil sa baha.

D. Familiar Story

Naalala Mo Ba?

Pagpasok nina Tammy at Sam sa klasrum, may nakita silang wallet sa ibabaw ng lamesa.

Tammy: Sam!

Sam: Halika, tignan natin kung kanino tong wallet na nasa lamesa.

Tammy: Kay Teacher Nimfa!

Sam: Oo nga! Naaalala mo ba ang sinabi niya sa atin noon? Dapat natin isauli ang bagay na hindi atin. Hanapin natin siya.

Tammy: Teacher, sa inyo po itong wallet! Naiwan po ninyo sa ibabaw ng lamesa.

Teacher: Salamat mga bata! Mabuti na lang at kayo ang nakakita ng wallet ko. Dahil mapagkakatiwalaan kayo, ililibre ko kayo sa merienda!

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin ang pagsunod sa utos o salita ng Diyos ay siyang magliligtas sa atin sa kapahamakan. Mahalaga na alam natin ang salita ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaliwanag sa mga bata na tulad ng kanilang napag-aralan mahalagang malaman ng batang kagaya nila ang salita ng Diyos sapagkat ito ang magiging gabay nila sa buhay habang sila ay lumalaki.
- Dapat nilang tandaan na hindi sila gumagawa ng mabuti upang mapapurihan sila ng tao kundi ito ay ginagawa nila dahil mahal nila ang Diyos at nais nilang siya ay sundin.

H. Preventive Health Care — Pangangalaga sa mga paa.

- Kahalagahan—upang maiwasan ang pagkakasakit.
- Kailan dapat gawin— tuwing matatapos maglaro sa labas, tuwing nadudumihan at kapag naglakad sa tubig baha.
- Tamang paraan:
 1. Basain ng mabuti ang paa.
 2. Gumamit ng sabon sa paglinis at bigyan pansin ang singit ng mga daliri.

3. Gumamit ng nail brush upang maalis ang mga dumi na nakasingit sa mga kuko.
4. Banlawan mabuti ng tubig.
5. Punasan at tuyuin ng tuwalya bago magsuot ng tsinelas o sapatos.
 - Mga Paalala:
 1. Palaging magsuot ng tsinelas sa paglalaro o kaya'y sapatos sa tuwing umaalis.
 2. Huwag maglalaro sa baha o kanal.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Awit 119:44 – “Palagi kong susundin ang iyong kautusan magpakailanman.”

Aralin 4 Magtiwala sa Salita ng Diyos

Totoo: Magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos upang magtagumpay sa layunin.

(Reference: Kawikaan 16:3)

Mabuti: Magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos.

Tama: Magtiwala at makinig sa magulang.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa salita ng Diyos.

C. Bible Story: **Abraham (Gen. 12:1-5, 17:1-16, 21:1-5)**

Inutusan ng Diyos si Abram na umalis sa bayan ng Ur. Sinabi Niya kay Abram na gagawin Niyang isang dakilang bansa si Abram at pagpapalain siya.

Sumunod si Abram sa Diyos. Naglakbay siya kasama ang kanyang asawang si Sarai, pamangking si Lot, mga alipin at mga ari-arian patungo sa bayan na ipakikita sa kanya ng Diyos. Sa kanilang paglalakbay, ang Diyos ay laging nakikipag-usap kay Abram. Sinabi ng Panginoon kay Abram na siya ay magkakaroon ng sarili niyang anak. At kung gaano karami ang mga bituin sa kalangitan, ganoon din ang dami ng kanyang magiging anak at apo.

Naging kalugod-lugod si Abram sa Diyos dahil sa kanyang pagtitiwala. Maraming pagsubok ang dinaanan ni Abram ngunit lagi niyang kasama ang Diyos. Nang siya'y 99 taon na, pinagtibay ulit ng Diyos ang Kanyang pakikipagkasunduan kay Abram na pararamihin ang lahi niya. Simula noon, ang itinawag na sa kanya ay Abraham dahil siya ay magiging ama ng maraming bansa. Si Sarai ay tinawag na Sara at siya ay magiging ina ng maraming bansa.

Makalipas ang isang taon, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham sapagkat nanganak si Sara ng isang lalaki na pinangalanan nilang Isaac, ayon sa utos ng Diyos.

D. Familiar Story

May Tiwala Ka Ba?

Isang araw si Mang Boy ay nagbibisikleta sa harap ng kanilang bakuran. Ito ang paraan ng kanyang ehersisyo. Nakita siya ng kanyang anak na si Tommy....

Tommy: Itay! Masarap po bang magbisikleta?

Mang Boy: Aba, Oo anak! Gusto mong turuan kita?

Tommy: Opo!

Sumakay sa bisikleta si Tommy. Nahirapan siyang magbalanse sa sarili niya at.....

Tommy: Tay! Mababangga ako! Matutumba akoooooo....

Mang Boy: Huwag kang matakot. Tumingin ka lang sa malayo. Dahan dahan sa pagpipidal.

Nakinig at nagtiwala si Tommy sa kanyang ama. Di nagtagal ay natuto na siyang magbisikleta nang walang pangamba.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento. Bigyang diin na dapat tularan si Abraham. Matutong magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos upang magtagumpay.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na sa anumang gagawin ay magtiwala tayo sa ating mga magulang.
- Mahalagang pinakikinggan at pinagtitiwalaan natin ang bawat salitang nagmumula sa kanila. Sila ay ipinagkaloob sa atin ng Diyos upang tayo ay alagaan at wala silang ibang hangarin kundi ang ikabubuti natin.

Aralin 5 Alalahanin ang Salita ng Diyos

Totoo: Ang Diyos ay dapat sundin. Ano mang taliwas sa sinabi ng Diyos na pinagagawa sa atin ay hindi dapat sundin. (Reference: Gawa 5:29)

Mabuti: Sundin ang salita ng Diyos.

Tama: Maging matulungin at mapagbigay sa kaklase.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagmamahal sa Diyos.

C. Bible Story: **Ang Naglalagablab na Pugon (Daniel 3:1-30)**

Si Nebuchadnezzar ay isang haring makapangyarihan na namumuno sa bayan ng Babylonia. Siya ay walang pagkakilala sa Diyos. Isang araw, nagpagawa siya ng isang napakalaking rebulto na gawa sa ginto. Ipinag-utos niya sa lahat na sa tuwing maririnig nila ang tunog ng iba't-ibang instrumento, lahat sila ay magpapatirapa at sasamba sa rebultong ginto na kanyang ipinagawa. Ang sinumang hindi sumunod sa kanyang utos ay ihahagis sa naglalagablab na pugon. Ang lahat ng tao ay sumunod sa inutos ni Haring Nebuchadnezzar maliban sa tatlong Judio na sina Shadrach, Meshach at Abednego. Sila ay nagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita.

Nakarating sa hari ang ginawa ng tatlo at sila'y pinatawag. Sinabi ng hari na kung hindi sila susunod sa kanyang utos ay itatapon sila sa naglalagablab na pugon. Ngunit nanindigan silang tatlo. Sinabi nila na hindi sila maglilingkod o ni sasamba sa kanyang ginawang rebulto.

Nagalit ang hari at ipinatapon ang tatlo sa naglalagablab na pugon. Ang mga lalaking naglagay sa kanila sa pugon ay namatay dahil sa sobrang init, ngunit ang tatlo ay hindi napahamak.

Habang pinagmamasdan ng hari ang nangyayari nagulat siya at naging apat ang tao sa loob ng pugon. Ang apat na taong naglalakad sa loob ng pugon ay wala man lang pinsala. Dahil dito, pinalabas ng hari ang tatlo mula sa pugon. Nakita ng lahat na hindi nasaktan sina Shadrach, Meshach at Abednego. Walang sunog ang anumang bahagi ng kanilang mga katawan at hindi man lang nag-amoy usok.

Pinuri ni Haring Nebuchadnezzar ang Diyos dahil sa kanyang nasaksihan. Simula noon ay sinabi ng hari na ang sinumang magsasabi ng masama tungkol sa Diyos ay parurusahan niya.

D. Familiar Story

Tandaan mo ang Paalaala

Sina Irish at Althea ay matalik na magkaibigan at magka-klase. Isang araw sa kanilang klasrum, lumapit si Althea kay Irish at..

Althea: Irish, pahiram naman ng krayola mo.

Irish: Sige, pero ingatan mo ha, kasi bagong bili lang yan ni Nanay.

Tuwang tuwa si Althea sa pagkukulay dahil bago pa ang mga krayolang nahiram niya. Kaya

lang, nabali ang isa. Oras na ng uwian at....

Irish: Althea, uuwi na 'ko. Kukunin ko na yung mga krayola ko.

Althea: Irish, sorry ha. Nabali yung isa. Papalitan ko na lang. Sorry talaga!

Irish: Sige na nga.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na mas mahalaga na sundin ang sinabi o pinag-uutos ng Diyos. Anuman ang taliwas sa sinabi ng Diyos ay hindi dapat ginagawa.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat tayo ay magmalasakit o maging mapagbigay sa mga kaklase o kaibigan kung sila ay nangangailangan.
- Sinabi ni Jesus na dapat mahal in ang kapwa. Sa pamamagitan ng pagtulong ay maipapakita ang pag-ibig sa iba.

H. Preventive Health Care — Tamang pagkain.

- Grain Group o kanin—tumutulong ito sa mga bata upang maging malakas.
- Fruit and Vegetable Group—tumutulong ito upang maging makintab ang buhok, makinis ang balat at malinaw ang mata.
- Dairy meat Group—tumutulong sa mga bata upang sila ay maging masigla maghapon sa pagtakbo at sa paglalaro.
- Fats, oil, and sweets Group—huwag masyadong ipakain sa mga bata sapagkat wala masyadong sustansyang makukuha dito.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Kawikaan 14:2 – “Ang lumalakad ng matuwid ay may takot sa Diyos, ngunit siyang baluktot ang daan ay nagtatakwil sa kanya.”

Aralin 6 Pahalagahan ang Salita ng Diyos

Totoo: Ang Diyos ay tapat sa kanyang pangako sa mga taong sumusunod sa kanyang salita.

(Reference: Deuteronomio 7:9)

Mabuti: Magtiwala at sundin ang salita ng Diyos.

Tama: Pahalagahan ang sinasabi ng magulang sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagbabasa ng Bibliya o salita ng Diyos.

C. Bible Story: **Ang Panaginip ni Jacob (Gen. 28:10-22)**

Si Jacob ay pangalawang anak nila Isaac at Rebecca. Sa kanyang paglaki, ay may mga ginawa siyang hindi maganda ngunit hindi ito naging hadlang upang siya ay katagpuin ng Diyos.

Isang araw, pinapunta si Jacob ng kanyang mga magulang sa bayan ng kanyang tiyo na si Laban upang lumayo sa kanyang kapatid na si Esau, na kasalukuyang galit na galit sa kanya. At sa lugar ding iyon, siya ay maghahanap ng kanyang mapapangasawa. Sinunod nga ni Jacob ang kanyang mga magulang. Inabot siya ng dilim sa kanyang paglalakbay kaya't nagpalipas siya ng gabi sa kanyang kinaroroonan.

Sa kanyang pamamahinga, kinatagpo siya ng Diyos sa kanyang panaginip. Nakakita siya ng hagdang umaabot hanggang langit kung saan ang mga anghel ng Diyos ay umaakyat at bumababa at sa dulo nito ay nakatayo ang Diyos.

“Ako ang Panginoon, ang Diyos ng iyong ninunong Abraham at amang Isaac. Ibibigay Ko sa iyo at sa iyong mga angkan ang lupaing kinalalagyan mo. Magiging sindami ng alikabok sa lupa sa daigdig ang iyong angkan. Kakalat kayo sa buong daigdig mula sa kanluran, hanggang silangan, timog at hilaga. Lahat ng tao sa daigdig ay pagpapalain sa pamamagitan mo at ng iyong mga supling. Sasamahan Ko kayo at iingat sa saanman kayo magpunta at ibalik Ko rin kayo sa lupaing ito. Hindi Ko kayo iiwan hanggang hindi Ko natutupad ang pangako Ko sa inyo.”

Nang magising si Jacob, napatunayan niya na ang Panginoon ay kasama niya sa lugar na iyon. Kinaumagahan, binuhusan niya ng langis ang batong kanyang inunanan at tinawag niya ang lugar na iyon na Bethel. Si Jacob ay ginabayan ng Diyos sa buong lakbayin niya hanggang dumating ang panahon na siya ay makabalik na sa tahanan ng kanyang ama.

Maraming pinagdaanan na pagsubok si Jacob ngunit patuloy na pinaalala sa kanya ng Diyos ang kanyang pangako at ito ang kanyang pinanghawakan. Nang sa wakas ay muli silang nagkita ng kanyang kapatid, nagpakumbaba at humingi ng tawad si Jacob kay Esau. Laking gulat niya na siya ay niyakap nito at pinatawad.

Katunayan na ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga pangako kay Jacob.

D. Familiar Story

Pagpapahalaga

May mahalagang lakad si Mang Ben. Palabas na siya ng pinto nang humabol si Sarah...

Sarah: ‘Tay, puwede po ba ‘kong sumama sa inyo?

Mang Ben: Hindi anak, marami akong aasikasuhin at walang kasama si nanay dito. Masama pa rin ang pakiramdam niya.

Sarah: Hindi ko naman alam kung ano’ng gagawin ko kay nanay.

Mang Ben: Alam ko maliit ka pa. Pero puwede mong bantayan si nanay. Kung may kailangan siya, nariyan ka para iabot ito sa kanya katulad ng tubig o gamot.

Sarah: Sige na nga po.

Maya-maya lang ay kumatok si Nina sa pintuan nila.

Nina: Sarah, laro tayo.

Sarah: Sige pero dito tayo sa loob kasi binabantayan ko si nanay.

Nina: Sa labas na lang tatal maririnig naman natin pag tinatawag ka niya.

Sarah: Dito na lang kasi yan ang bilin ni tatay.

Nina: Sige na nga, diyan na lang tayo maglaro.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na dapat bigyang pagpapahalaga ang salita ng Diyos. Siya ay tapat sa kanyang mga pangako at ito ay tutuparin niya kung tayo ay magtitiwala at susunod sa kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang isang batang masunurin sa magulang ay may pagpapahalaga sa salita ng Diyos. Alam niya na dapat siyang sumunod sa kanyang magulang.
- Magiging madali para sa atin ang gumawa ng mga tamang pagkilos kung alam natin ang salita ng Diyos. Maaari natin malaman ang salita ng Diyos kung magbabasa tayo ng Bibliya.

Aralin 7 Isapamuhay ang Salita ng Diyos

Totoo: Mahalin ang kapwa at huwag mainggit upang hindi makagawa ng mali.

(Reference: Kawikaan 10:12)

Mabuti: Mahalin ang kapwa.

Tama: Huwag mainggit sa kapatid.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa utos ng Diyos.

C. Bible Story: **Si Joseph (Gen. 37:3-36, 39:1-23, 45:1-28)**

Si Joseph ay anak nina Jacob at Rachel. Mayroon siyang labing-isang kapatid na lalaki. Mahal na mahal siya ng kanyang ama sapagkat siya'y ipinanganak noong katandaan na ni Jacob. Dahil dito, si Joseph ay kinainggitan at kinamuhian ng kanyang mga kapatid.

Binalak nilang patayin si Joseph ngunit si Reuben, ang pinakamatanda nilang kapatid, ay hindi sumang-ayon. Kaya inihulog na lang nila si Joseph sa isang malalim na balon.

Nang may dumaang isang pangkat ng mga Ismaelita patungong Ehipto, napagkasunduan nilang ipagbili si Joseph sa mga ito. Kinuha ng magkakapatid ang magandang balabal ni Joseph at nilagyan ito ng dugo ng kambing upang palabasin na namatay si Joseph. Ang damit ay ibinigay nila sa kanilang ama.

Ipinagbili ng mga Ismaelita si Joseph kay Potiphar na kapitan ng mga guwardya ng hari ng Ehipto. Pinagpala ng Diyos si Joseph kaya siya ay naging tagapamahala ng sambahayan at ari-arian ni Potiphar. Ngunit si Joseph ay napagbintangan sa isang kasalanang hindi niya ginawa kaya siya ay nabilanggo. Maging sa kulungan ay pinagpala pa rin siya ng Diyos. Siya ay ginawang tagapamahala ng mga bilanggo.

Si Joseph ay may kakayahang magpaliwanag ng mga panaginip kaya siya ay nagkaroon ng pagkakataong maipaliwanag ang panaginip ng hari ng Ehipto. Nagmungkahi din si Joseph kung paanong haharapin ang darating na kasaganahan at taggutom.

Ipinaliwanag din niya sa hari kung paanong bibigyan ng solusyon ang darating na taggutom. Muling pinagpala ng Diyos si Joseph at ginawa siyang tagapamahala ng hari sa buong palasyo. Ang mga tao ay sumusunod sa kanyang mga utos. Dumating nga ang taggutom. Ang buong Ehipto ay hindi naapektuhan nang panahong iyon. Dahil din sa taggutom, si Joseph ay nakipagkaisa muli sa kanyang ama at mga kapatid.

D. Familiar Story

Hindi Dapat Mainggit

Si Bambi ay nasanay na siya lang ang sentro ng atensyon ng kanyang mga magulang. Palibhasa'y nag-iisa kaya na-buhos ang loob at panahon ng mga magulang niya sa kanya.

Si Cely ay dalawang buwan nang nagdadalang tao. Natuwa si Jerry ngunit si Bambi ay di mawari ang reaksiyon.

Pagkalipas ng pitong buwan, nanganak na si Cely. Nalungkot si Bambi dahil para sa kanya ay may kaagaw na siya sa panahon at atensyon ng kanyang mga magulang.

Lumabas si Bambi ng kuwarto na masama ang loob dahil pakiramdam niya ay hindi na siya mahal nila nanay at tatay.

Bambi: Buti pa noon, inaasikaso nila ako. Ngayon puro baby na!! Kung hindi sana dumating si baby....

Hindi namalayan ni Bambi, sinundan pala siya ng kanyang ama at narinig lahat ng kanyang sinabi.

Tatay ni Bambi: Anak! mahal na mahal ka namin ni nanay. 'Wag kang mainggit kay baby kasi kuya ka niya.

Bambi: Opo 'Tay. Mahal ko din naman si baby.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na hindi mabuti ang makaramdam ng inggit sa iba. Ito ay maaaring mauwi sa galit. At ang galit ay mauwi sa paggawa ng mga bagay na pagsisihan sa bandang huli.

G. Mabuting Mamamayan.

- Bigyan diin na kadalasan maaaring sila ay nakakaramdam ng pagkainggit sa kanilang mga kapatid sa iba't-ibang kadahilanan ngunit hindi nila dapat ito pagtuunan ng pansin.
- Dapat matutuhan nila na mahalina at suportahan ang kanilang mga kapatid sa halip na kainggitan.

H. Preventive Health Care — Tamang postura (nakatayo)

1. Ang daliri sa paa ay dapat nakaturo paharap kapag nakatayo.
2. Ilagay ang bigat ng katawan sa sakong at talampakan.
3. Panatilihin nakaderecho ang balikat, nakataas ang ulo at baba.
4. Labas ang dibdib. Nakapaloob ang tiyan.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

I Pedro 4:8 – “Higit sa lahat, magmahalan kayong mabuti, sapagkat ang pag-ibig ay nagtatakip sa maraming kasalanan.”

Aralin 8 Ang Pagpapakumbaba

Totoo: Ang Diyos ay nalulugod sa mga mapagkumbaba. Siya ang nagtataas sa mga ito. (Reference: Santiago 5:6)

Mabuti: Maging mapagkumbaba.

Tama: Ang pag-amin ng pagkakamali ay pagpapakita ng kababaang-loob.

B. Motivation — Tanungin ang mga bata kung ano ang pagkaalam o pagkaunawa nila sa salitang pagpapakumbaba. Hingan sila ng halimbawa upang maunawaan ang kanilang paliwanag kung kinakailangan.

C. Bible Story: **Ang Pagpapakumbaba ni Moses (Exodus 3:1-17)**

Habang nagpapastol si Moses ng kawan ng biyenan niyong si Jethro sa Bundok ng Sinai, ang anghel ng Diyos ay nagpakita sa kanya sa porma ng apoy na nagmumula sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Nagtaka si Moses dahil hindi nasusunog ang punong nagliliyab kaya naisip niyang lapitan ito. Tinawag siya ng Diyos nang lalapit na siya sa nag-aapoy na punongkahoy.

Diyos: Huwag kang lumapit, hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na lugar ang kinatatayuan mo. Ako ang Diyos na sinamba ng iyong mga ninuno. Ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob.

Tinakpan ni Moses ang kanyang mukha sapagkat natatakot siyang tumingin sa Diyos.

Diyos: Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga taga-Egypt ang aking bayan. Alam ko ang hirap na kanilang tinitii at narinig ko ang kanilang pagdaing kaya't papupuntahin kita sa Faraon upang ilabas mo sa Egypt ang aking bayang Israel.

Moses: Sino po ako para humarap sa Faraon at ilabas ang bayang Israel mula sa Egypt?

Diyos: Huwag kang mangamba, hindi kita pababayaang at ito ang magiging katibayan na Ako ang nagsugo sa iyo: sa bundok ding ito ay sasambahin ninyo Ako kapag nailabas mo na sa Egypt ang Aking bayan.

At si Moses ay sumunod sa Diyos. Nailabas nga niya ang mga Israelita mula sa pagkabihag sa Egypt sa tulong ng Diyos.

D. Familiar Story

Bawal Mangopya

Sina Ira at Joy ay matalik na magkaibigan at mag-kaklase. Isang umaga habang gumagawa sila ng seatwork sa math, si Teacher Lina ay ipinatawag ng principal sa kanyang opisina. Pagbalik ni Teacher Lina sa kanilang klasrum, nahuli niya si Ira na nangongopya kay Joy.

Kinuha ni Teacher Lina ang workbook ni Ira. Lumabas ang guro sa klasrum at sumunod si Ira.

Ira: Teacher, sorry po. Alam ko pong mali ang ginawa ko.

Teacher Lina: Huwag mo na uulitin ang pangongopya sa iyong kaklase. Sa Susunod ay masususpinde ka na.

Ira: Opo teacher. Sorry po ulit.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento ni Job.
- Bigyang diin na ang Diyos ang nagpapalakas at nagbibigay ng kakayanan sa mga taong mapagpakumbaba. Muling bigyang diin ang totoo, tama at mabuti na natutuhan ng mga bata sa araling ito.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung sa paanong paraan sila magpapakita ng kababaang-loob. (Hintayin ang kanilang sagot).
- Bigyang diin na ang paghingi ng tawad at pag-amin ng pagkakamali ng bukal sa loob ay isang paraan ng pagpapakumbaba. Ito ay isang gawang mabuti. Ang mapagpakumbabang-puso ay nagbibigay kasiyahan sa Diyos kaya't ito ay tamang pag-uugali.

Aralin 9 Ang Katapangan

Totoo: Ang Diyos ang nagbibigay ng katapangan sa mga taong humihiling nito. Siya ang nagliligtas sa kanila sa kapahamakan. (Reference: Awit 118:14)

Mabuti: Humiling sa Diyos ng katapangan.

Tama: Maging matapang sa harap ng panganib.

B. Motivation — Tanungin ang mga bata kung may kakilala silang tao na matapang at bakit nila nasabi na ang taong ito ay matapang. Magbigay ng halimbawa.

C. Bible Story: **Ang Katapangan ni Joshua**

Isinara ang pintuan ng Jerico upang hindi makapasok ang mga Israelita. Ipinagbawal nang lumabas o pumasok ang sinoman. Sinabi ng Diyos kay Joshua,

Pakinggan mo ito: *“Ibinigay ko na sa inyong mga kamay ang Jerico upang sakupin ito at gapiin ang kanyang Hari at magigiting na kawal. Ikaw at ang iyong mga kawal ay liligid sa palibot ng Jerico minsan isang araw sa loob ng anim na araw at paunahin mo ang Kaban ng Tipan at ang pitong paring may dalang mga trumpeta na yari sa sungay. Sa ika-pitong araw, pitong beses kayong liligid sa lungsod at hihipan ng mga pari ang dala nilang trumpeta. Pagkarinig ninyo ng isang malakas at mahabang tunog ng tambuli, lahat kayo’y ubod lakas na sisigaw at sa sandaling yaon ay babagsak ang mga pader ng lungsod at makapasok kayo doon nang walang sagabal.*

Walang takot na sinunod agad ni Joshua ang tagubilin ng Diyos at sila’y nagtagumpay.

D. Familiar Story

Matapang si Kuya

Isang umaga pumasok ang tatay nina Ivan at Grace sa pabrika. Si nanay ay papunta naman sa palengke. Malakas ang ulan nang araw na iyon kaya:

Nanay: Ivan, anak, huwag mong pababayaang lumabas ang iyong kapatid. Alam mo naman, mahilig yan maligo sa ulan.

Ivan: Opo 'Nay. O, Grace, 'wag ka daw lalabas, ha.

Ngunit nakalusot si Grace kay Ivan. Namalayan na lang niya na wala na si Grace sa tabi niya. Dali-dali siyang lumabas at hindi pa man siya nakalalayo, may narinig na siyang boses na sumisigaw.

Sinugod niya ang malakas na ulan upang sagipin ang kapatid na nahulog sa butas ng imburnal. Pilit inahon ni Ivan si Grace at di na niya pinansin ang pagtaas ng tubig sa kalye. Nailigtas ni Ivan ang kanyang kapatid.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang pagkahulog sa kasalanan ng tao.
- Bigyang diin na ang katapangan na nagmumula sa Diyos ay mapapasatao kung alam niya ang mga pangako ng Diyos. Ang pagkaalam at paniniwala dito Ang magbibigay ng tapang at magiging sandata ng isang tao na harapin ang mga pagsubok.

G. Mabuting Mamamayan.

- Magsalaysay ng isang kwento na kung saan ang karakter ay buong tapang na humarap sa isang panganib ng walang takot sapagkat binigyan siya ng Diyos ng lakas ng loob na harapin ito.
- Tinuturuan tayo ng Diyos na kahit anumang problema ang dumating sa ating buhay, siya ang tutulong sa atin na harapin ito ng buong loob. Mahalagang pag-aralan ang salita ng Diyos upang magbigay sa atin ng kalakasan ng loob sa panahon na tayo ay may hinaharap na problema.

H. Preventive Health Care — Pangangalaga sa Balat, Buhok at Kuko.

1. Maligo araw-araw. Masarap at maginhawa ang pakiramdam kung ikaw ay maliligo gamit ang sabon at tubig.
2. Gumamit ng shampoo sa tuwing lilinis ang iyong buhok. Ayusin ito at laging suklayin upang maging maaliwalas ang mukha.
3. Panatilihin malinis at maiksi ang mga kuko sa daliri ng kamay at paa. Ang dumi na nakasingit sa mga kuko kung ito ay mahaba ay maaaring mapunta sa kahit anong pagkain na iyong isusubo. Ito ay maaaring magdulot ng sakit.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Filipos 4:13 – “Ang lahat ng bagay ay magagawa ko dahil kay Cristo na nagpapalakas sa akin.”

Aralin 10 Ang Pagtitiwala

Totoo: Ang Diyos ay tapat sa kanyang mga pangako. (Reference: Bilang 23:19)

Mabuti: Magtiwala sa mga pangako ng Diyos.

Tama: Tuparin ang pangakong binitawan.

B. Motivation — Tanungin ang mga bata kung sila ay nagbitiw na ng pangako sa ibang tao. Alamin kung ano ang pangakong ito at kung ito ay kanilang tinupad. Kung hindi, alamin kung anong dahilan sa hindi nila pagtupad dito.

C. Bible Story: **Nagtiwala si Caleb sa Diyos**

Si Caleb ay isa sa labing dalawang espiyang pinili ni Moses na mag-espiya sa Canaan.

Si Caleb ay anak ni Jefune na nagmula sa angkan ni Judah. Ibinalita ng 10 espiya kung gaano kalakas ang mga taga Canaan. Dahil dito, ang mga espiya at ang mga Israelita ay pinanghinaan ng loob. Ngunit si Caleb ay nagsalita, “Hindi tayo dapat mag-aksaya ng panahon, lusubin na natin sila at tiyak na masasakop natin sila sa tulong ng Diyos.”

Sa kabila ng negatibong pahayag ng ibang mga espiya buong tapang at buong katapatan pa ring sumunod si Caleb sa Diyos. Nalugod sa kanya ang Diyos at ipinangako sa kanya na magiging bahagi siya at ang kanyang mga anak sa lupang matatapakan ng kanyang mga paa. 45 taon na ang lumipas nang utusan ni Moses sina Caleb na pumunta sa Canaan. Sa edad na 85, hindi pa rin nagbabago ang lakas ng pangangatawan ni Caleb sapagkat iningatan siya ng Diyos.

D. Familiar Story

Pangako Po Tatay!

Si Arnel ay apat na taong gulang nang ang kanyang ama ay pumunta sa ibang bansa upang magtrabaho.

Naalala pa niya noon ang kanyang pangako sa tatay na magpapakabait siya habang nasa malayong lugar ang ama.

At naalala din niya ang pangako ni tatay na ibibili siya ng paboritong laruan pagbalik niya sa Pilipinas.

Nagtiwala si Arnel na tutuparin ng kanyang ama ang pangakong ito. Makalipas ang tatlong taon, dumating ang tatay ni Arnel.

Arnel: Papa! Masaya ako dahil nakauwi ka na!

Tatay: Anak, ang laki mo na. Hindi ko nakalimutan ang pangako ko sa iyo. Eto na ang pasalubong mo.

Arnel: Salamat po papa. Good boy po ako, kahit itanong mo pa kay mama.

Tatay: Alam ko anak. Tinupad mo din ang pangako mo.

F. Gabay ng Buhay

- Balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na malalaman nila ang mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya, ang kanyang salita.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin sa mga bata na ang isang tao ay dapat may isang salita. Ibig sabihin sa tuwing nagbibitiw sila ng pangako, siguruhin na ito ay kanilang tutuparin.
- Huwag mangangako kung ito ay hindi kayang gawin. Halimbawa kung mangangako sa magulang na sila ay mag-aaral ng mabuti, siguruhin na ito ay kanilang gagawin.

Aralin 11 Ang Pagtugon

Totoo: Ang Diyos ay ating kasama kaya't hindi tayo dapat matakot o mangamba.

(Reference: Deutoronomio 31:6)

Mabuti: Huwag mangamba, magtiwala at sumunod sa Diyos.

Tama: Maging matapang at matatag sa pagtugon sa anumang hamon sapagkat ang Diyos ang tutulong sa iyo. Palakasin ang loob ng mga taong pinanghihinaan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagtitiwala sa Diyos.

C. Bible Story: **Pagtugon ni Saul**

Noong simula, si Saul ay isang matapang na taga-usig ng mga tagasunod ni Cristo kaya sila'y pinagsisikapan niyang maipapatay.

Isang araw, habang patungo si Saul sa Damasco, isang liwanag na nakakasilaw mula sa langit. ang nagpatigil sa kanyang paglalakad. Napadapa siya sa lupa. Tinanong ng isang tinig si Saul.

Jesus: Saul, bakit mo ako inuusig?

Saul: Sino kayo Panginoon?

Jesus: Ako si Jesus na iyong inuusig.

Inutusan siya ni Jesus na tumayo at pumunta sa siyudad at doon sasabihin sa kanya kung ano ang kanyang gagawin.

Tumayo si Saul ngunit hindi siya makakita nang dumilat siya. Inakay si Saul ng kanyang mga kasamahan hanggang sila ay makarating sa Damasco.

Sinunod ni Saul ang inutos sa kanya ni Jesus at sa pamamagitan ni Ananias ay muli siyang nakakita. Nagpabaustismo siya kay Ananias at nagpalakas.

Si Saul na tinawag ding Paul ay nakisama na sa mga disipulo ni Jesus at matapang na nagpahayag ng mabuting balita tungkol sa ginawa ni Jesus sa krus ng kalbaryo at ang Kanyang pagkabuhay muli. Bagamat naging mahirap at mapanganib ang kanyang pangangaral, patuloy niyang sinunod ang tawag ng Diyos sa kanyang buhay.

D. Familiar Story

Ang Kompetisyon

Si Brenda ay nasa Grade 2. Siya ay matalino at mabait. Sinabihan siya ni Teacher Gemma na siya ang napili para ilaban sa isang Quiz Bee.

Brenda: Kinakabahan po ako teacher. Baka hindi ko makaya yun. Iba na lang po kaya ang isali niyo.

Teacher Gemma: Naniniwala kami sa kakayahan mo. Tutulungan kita.

Brenda: Sige po, basta mag-eensayo ako at saka nandun din po kayo.

Kahit may pag-aalinlangan ay pumayag na rin si Brenda. Pagkatapos ng kompetisyon, tuwang-tuwa si Brenda nang nanalo siya at nakapag-uwi ng trophy. Binigyan din niya ng karangalan ang kanilang paaralan.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento ng tao sa hardin.
- Bigyang diin na ang pagtitiwala kay Cristo ay mabuti at tama. Ang isang batang nagtitiwala sa Diyos ay nagtitiwala sa kanyang salita. Magagawa natin na tumugon sa Kanyang tawag kung alam natin ang Kanyang salita.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang batang may pagtitiwala na ang Diyos ang tutulong at gagabay sa kanya ay hindi mag-aalinlangan na tanggapin ang anumang hamon na kanyang kakaharapin.
- Dapat matutong tumanggap ng hamon ang batang tulad nila at huwag matakot o maduwag sa mga hamon na ito. At sa tuwing makakakita ng mga tao na nahihiya at pinanghihinaan ng loob

kailangan tulungan natin silang palakasin ang kanilang loob.

H. Preventive Health Care — First Aid Tips — Sunburn

- Sintomas: namumula at mahapding balat
- Mga dapat gawin:
 1. Iwasan ang patuloy na pagkabilad sa araw.
 2. Uminom ng maraming tubig upang maiwasan ang dehydration.
 3. Uminom ng malamig na tubig lalo na kung matindi ang sunburn.
 4. Maaaring lagyan ito ng ointment o cream na mabibili sa botika.
 5. Kung malala ang sunburn o nagtutubig, magtungo agad sa doktor.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Deutoronomio 31:6 – “Kayo’y magpakalakas at magpakatampang, huwag kayong matakot, ni mangilabot sa kanila; sapagka’t ang Panginoon mong Diyos ay siyang iyong kasama; hindi ka niya iiwan ni pababayaan.”

Aralin 12 Walang Pag-aalinlangan

Totoo: Magtiwala at huwag mag-alinlangan na ang Diyos ay kasama mo, tutulong at gagabay sa lahat ng iyong gagawin. (Reference: Santiago 1:6)

Mabuti: Magtiwala sa sinabi ng Diyos.

Tama: Makinig, magtiwala at huwag mag-alinlangan sa paalala, tagubilin at direksiyon na ibinibigay ng mga nakatatanda.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa katapatan ng Diyos.

C. Bible Story: **Walang Pag-aalinlangan si Gideon**

Ang mga Israelita ay nasasakop ng mga Midianita nang mga panahong iyon. Kaya naman si Gideon, na anak ni Joash, ay palihim na gumigiik ng trigo sa pisaan ng ubas upang hindi siya makita ng mga Midianita.

Dumaing sila sa Diyos dahil sa pagpapahirap na dinaranas nila. Dininig ng Diyos ang kanilang daing, kaya ipinadala ng Diyos ang Kanyang anghel sa Opra upang ihatid ang isang mensahe para kay Gideon.

Anghel: “Sumasaiyo ang Diyos magiting na lalaki. Lumakad ka at gamitin mo ang buong lakas mo upang iligtas ang Israel mula sa mga Medianita.”

Gideon: “Mawalang galang na po, kung talagang kasama namin ang Diyos, bakit ganito ang nangyayari sa amin?”

Sinabi sa kanya ng Diyos, *Lumakad ka at gamitin mo ang buong lakas upang iligtas ang Israel mula sa mga Medianita, ako mismo ang nagsugo sa iyo.*

Sinabi ni Gideon na ang kanilang angkan ang pinakamahina ngunit sinabi sa kanya ng Diyos na tutulungan Niya sina Gideon at matatalo nila ang mga Midianita. Sa pamamagitan ng mga pagsubok, nakapili si Gideon ng 300 kawal na sasama sa kanyang pakikipaglaban sa mga Midianita. Sumunod si Gideon sa mga ipinagawa sa kanya ng Diyos nang walang pag-aalinlangan. Siya ay nagtagumpay sa pakikipaglaban sa mga Midianita.

D. Familiar Story

Ang Aking Bakasyon

Sa unang pagkakataon ay nagbakasyon ang pitong taong gulang na si Lea sa probinsya ng

kanyang Lolo Tino at Lola Inday.

Isang umaga, habang naghahanda si Lola Inday ng kanilang almusal, nakita niyang wala na silang kape at asukal. Kaya inutusan niya si Lea sa tindahan.

Lola Inday: Apo, bumili ka nga ng kape at asukal sa tindahan ni Aling Melda.

Lea: Eh, Lola saan po ba yun? Baka po ako maligaw.

Lola Inday: Hindi. Pagdating mo sa ikatlong bahay kumaman ka sa kanto. Derecho ka at makikita mo na ang tindahan ni Aling Melda.

Lea: Ah. madali lang po pala. Akin na po ang pera at bibili na ako.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na lagi tayong nakakaramdam ng pag-aalinlangan pero kung tayo ay magtiwala sa plano ng Diyos sa atin gaya ni Gideon, hindi tayo mapapahamak.

G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan na ang takot ay nagbubunga ng pag-aalinlangan.
- Matutong makinig at magtiwala sa sinasabi ng mga nakatatanda sapagkat hindi nila kayo hahayaan mapahamak.

Aralin 13 Ang Pagbabalik-loob

Totoo: Ang Diyos ay mahabagin. Nagpapatawad siya sa mga taong humihingi ng kapatawaran at nagsisisi sa kanilang kasalanan. (Reference: 1 Juan 1:9)

Mabuti: Humingi ng tawad sa Diyos sa mga kasalananang nagawa.

Tama: Humingi ng tawad sa taong nagawan ng kasalanan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos.

C. Bible Story: **Ang Pagbabalik-loob ni Samson**

Inutos ng Diyos sa magulang ni Samson na huwag puputulin ang buhok ng anak nila sapagkat ang batang iyon ay nakatalaga para sa Panginoon upang manguna sa pagpapalaya sa Israel sa kamay ng mga Filisteo. Dito rin siya kukuha ng kanyang kalakasan.

Si Delilah ay inalok ng mga punong Filisteo ng tig-iisang daang pilak kung malalaman niya kung saan nanggagaling ang kalakasan ni Samson. .

Paulit-ulit tinanong ni Delilah si Samson tungkol sa kanyang sikreto at paulit-ulit ding hindi sinasabi ni Samson ang katotohanan. Hanggang sa nainis na siya kaya sinabi na rin niya ang katotohanan kay Delilah.

Habang natutulog si Samson, siya ay ginupitan ng buhok ng isang Filisteo sa tulong ni Delilah. Dahil dito, iniwan ng Diyos si Samson kaya nahuli siya ng mga Filisteo. Dinukot nila ang kanyang mga mata at pinagtrabaho sa gilingan. Habang tumatagal ay humahaba na ulit ang buhok ni Samson.

Isang araw, nagkaroon ng pagtitipon ang mga Filisteo. Si Samson ay pinatayo nila sa gitna ng dalawang malaking haligi. Nanalangin si Samson at humingi siya ng habag at nagbalik-loob sa Diyos. Tinipon niya ang kanyang nalalabing lakas at itinulak niya ang dalawang haligi. Gumuho ang gusali at namatay si Samson kasama ang mga Filisteo at ang kanilang mga pinuno.

D. Familiar Story

Mabuting Anak, Mabuting Kapatid

Lumapit si Mang Berto nang marinig niya ang malakas na iyak ni Nilo.

Mang Berto: Bakit umiiyak ang kapatid mo?

Nelson: Inagaw niya po ang laruan ko.

Mang Berto: Nilo mali ang ginawa mo. Dapat hiramín mo kay kuya ang kanyang laruan at hindi mo basta aagawin.

Nilo: Opo ‘tay. Sorry kuya.

Mang Berto: Nelson, ikaw ang mas matanda kaya dapat matuto kang magpaubaya sa mas nakababata sa iyo.

Nainis si Nelson sa sinabi ng kanyang tatay at nagmatigas. Sumama ang loob niya kaya nagkulong siya sa kuwarto. Maya-maya, napag-isip niya na mali ang kanyang ginawa dahil naging madamot siya. Paglabas niya ng kuwarto, humingi siya ng tawad kay Tatay at kay Nilo.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ay nagpapatawad sa mga kasalanan natin kung tayo ay lalapit sa kanya upang humingi ng kapatawaran.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na sa magkakapatid o magkakaibigan madalas ay nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan.
- Kailangan ang nakagawa ng kasalanan ay handang aminin ang kanyang pagkakamali at humingi ng tawad sa taong nagawan niya ng mali. Ang taong ginagawan ng mali ay handang patawarin ang taong nagkasala sa kanya.

H. Preventive Health Care.

- Pangangalaga sa mata – ang mata ay mahalagang bahagi ng katawan. Mas madali tayong nakakagalaw at nakakakilos sapagkat tayo ay nakakakita. Madali rin natin nawawari ang mga nangyayari sa ating paligid dahil sa ating mga mata.
- Paraan ng pangangalaga:
 1. Kumain ng mga pagkaing mayaman sa bitamina at minerals gaya ng carrots, kalabasa at iba pang gulay.
 2. Iwasang manuod ng telebisyon na napakalapit.
 3. Huwag kuskusin ang mata kung napuwing. Itapat ito sa tubig na dumadaloy at tuyuin.
 4. Ipikit ang mata sa tuwing nakakaramdam na pagod na ito.
 5. Iwasang tumingin ng derecho sa araw o anumang nakakasilaw na bagay.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

1 Juan 1:9 – “Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, tapat ang Diyos at patatawarin niya tayo sa ating mga kasalanan at tayo ay kanyang lilinisin sa ating mga nagawang kasalanan.”

Aralin 14 Ang Paglilingkod

Totoo: Maging mabuting halimbawa sa ibang tao sa isip, salita at gawa.

(Reference: 1 Timoteo 4:12)

Mabuti: Maging mabuting halimbawa sa ibang tao.

Tama: Maging mapagbigay sa mga nangangailangan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa paglilingkod sa Diyos.

C. Bible Story: **Samuel**

Hindi pa ipinapanganak si Samuel, siya ay ihiandog na ng kanyang ina sa Panginoon. Bata pa lamang si Samuel ay nanirahan na siya sa templo upang maglingkod sa Diyos. Sa kanyang paglaki ay patuloy pa rin siyang naglingkod sa Diyos kaya naman siya ay naging kalugod-lugod sa Diyos at kinagiliwan din siya ng mga tao.

Pinatnubayan siya ng Diyos at lahat ng kanyang sinasabi ay nagkakatotoo sapagkat ang mga salita niya ay nanggaling sa Panginoon. Dahil dito ay kinilala siya sa buong Israel. Ang mga Israelita ay tumalikod sa kanilang mga diyos-diyosan at muling naglingkod sa tunay na Diyos. Sa tulong ng Diyos, nalupig nila ang mga Filisteo at ang mga ito ay hindi na muling nagbalik. Nabawi ng Israel ang mga lungsod at lahat ng lupain na sinakop ng mga Filisteo. Si Samuel ay namahala sa Israel.

D. Familiar Story

Handa sa Oras ng Pangangailangan

Bata pa lang si Jasper ay marunong na siyang magtipid. Bagamat palagi siyang may baon na pera, itinatago niya ito at nagbabaon na lamang siya ng tinapay.

Nang minsang umuwi si Jasper, inabutan niya ang kanyang tatay na namimilipit sa sakit ng tiyan, kaya isinugod siya ni nanay sa ospital. Sinabi ng doktor na kailangang operahan agad ang kanyang tatay.

Nanay: Anak, kulang ang ating pera. Pupunta muna ako sa kapatid ng tatay mo at hihingi ako ng tulong sa kanila.

Jasper: Nanay, may naipon po ako sa baon ko. Makakatulong din po iyon para sa mga gamot ni tatay.

Nanay: Salamat anak.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang paglilingkod sa Diyos ay magagawa kung tayo ay magtitiwala at susunod sa Diyos. Walang pinipiling edad ang paglilingkod sa Diyos. Dapat na tularan ng bawat isa si Samuel.

G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan na hindi kailangan pumunta sa simbahan para lang paglingkuran ang Diyos. Kung ginagawa natin ang mga tungkulin natin sa ating tahanan ng may buong katapatan, tayo ay naglilingkod sa Diyos.
- Ang sabi sa Bibliya, gawin natin ang isang bagay ng parang ginagawa natin ito para sa Diyos. Ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbubunga ng paglilingkod sa kanya.

Aralin 15 Ang Gobyerno, Itinatag ng Diyos

Totoo: Ang paglaban sa pamahalaan ay para na ring paglaban sa Diyos.

(Reference: Roma 13:2)

Mabuti: Magpasakop sa alituntunin ng pamahalaan.

Tama: Sundin ang mga batas sa kalsada upang makaiwas sa anumang sakuna.

B. Motivation — Magpakita ng 3 larawan ng *road signs* na kadalasan nakikita sa kalye. Tanungin ang mga bata kung alam nila ang ibig sabihin ng *road sign* na pinakita. Alamin sa kanila kung ano ang gamit ng mga *signs* na ito. (Pakinggan ang kanilang mga sagot.)

C. Bible Story: **Haring Saul (Isaiah 8:1-10:1)**

Si Samuel ay naging hukom ng Israel nang panahong iyon. Sa kanyang katandaan, hiniling sa kanya ng mga Israelita na bigyan sila ng hari na mangunguna sa kanila.

Isang araw, sinabi ng Diyos kay Samuel na kinabukasan ay makikilala niya ang Kanyang napili na maging bagong hari ng Israel. Si Saul ay napadpad sa bayan na kung saan naroroon si Samuel na naghahanap sa kanyang mga asnong nawawala. Nang makita ni Samuel si Saul, nalaman niya agad na siya ang napili ng Diyos. Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at binuhusan ang ulo ni Saul.

Samuel: Binubuhusan kita ng langis ng Diyos upang maging hari ng Israel. Pamamahalaan mo ang Kanyang bayan at ililigtas laban sa lahat niyang kaaway, ang sabi ni Samuel.

Si Saul ang itinalaga ng Diyos na maging susunod na hari ng Israel.

D. Familiar Story

Gusto Ko Ng Laruan

Isang araw ng Lunes, nakita ni Teacher Rica si Imee na nakaupo sa swing sa playground na umiiyak. Nilapitan ng guro si Imee at tinanong kung may problema siya.

“Si Nanay po kasi, Ayaw niya kong ibili ng bagong laruan.” ang sagot ni Imee.

Teacher Rica: Bakit daw ayaw ka niyang ibili?

Imee: Kasi po may sakit ang kapatid ko. Kailangan daw po unahin ang pagbili ng gamot.

Ayoko na sa kanya. Sana iba na lang ang nanay ko. Hindi naman niya ako mahal.

Teacher Rica: Mahal ka ng nanay mo. May ibang pangangailangan lang kayo ngayon kaya hindi ka niya puwede ibili ng laruan.

Imee: Eh, kailan pa niya ‘ko ibibili ng laruan?

Teacher Rica: Siguro pag gumaling na ang kapatid mo, makakaipon na ulit ng pera si nanay. Alam mo, hindi naman kailangan bago lagi ang laruan. Siyempre, ang bibilhin lang ni nanay ay yung mga kailangan ninyo. Kung may sobrang pera, baka maibili ka niya ng laruan. Naintindihan mo ba ang sinasabi ko sa’yo?

Imee: Opo teacher. Sana po gumaling na si Ailyn.

Teacher Rica: Bakit mo nasabi yan, dahil ba sa laruan?

Imee: Hindi po, kasi kawawa naman siya.

Teacher Rica: Ganyan nga ang mabuting bata.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang nagtatalaga ng mga namumuno sa ating buhay. At dahil siya ang nagtatalaga sa kanila, nararapat lamang na bilang pagsunod sa Diyos ay matuto tayong sundin ang kanyang mga tinalagang mamuno sa atin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang pagsunod sa batas sa kalsada ay paraan ng pagsunod sa mga pinuno na gumawa ng batas na ito.
- Tinuturo sa atin ng Diyos na dapat tayong pasakop at sumunod sa mga tagapamuno natin. Mabuti ang pagsuporta at pagsunod sa mga batas ng gobyernong itinatag ng Diyos dahil ito ay magdudulot ng kapayapaan at katahimikan.
- Ang pagsuway sa mga namumuno sa atin ay pagsuway na din sa Diyos.

H. Preventive Health Care. Wastong Paghuhugas ng mga Pinagkainan.

- Kahalagahan: Upang maiwasan ang sakit na dala ng mga duming maiiwan sa pinagkainan na hindi nahugasan ng mabuti.
- Pamamaraan:
 1. Ilagay sa isang lalagyan ang mga natirang kanin/pagkain galing sa mga plato.
 2. Banlawan muna ang mga plato, kutchara, tinidor, baso at platito bago sabunin.
 3. Huwag ilagay ng derecho sa lababo ang mga kutchara, tinidor o kutcharita. Ilagay ito sa isang plato o caserola o plastic container (na kasama sa ating huhugasan) sapagkat merong mga bacteria o germs na naiiwan sa lababo. Ang mga ito ay maaaring kumapit sa mga kubyertos na isinusubo natin.
 4. Unahing sabunin ang mga baso at saka isunod ang mga kutchara, pinggan at iba pa.
 5. Siguraduhing natanggal lahat ng kanin o pagkain na nakadikit sa mga ito.
 6. Unahing banlawan ang mga baso at isunod ang mga kutchara, pinggan at iba pa.
 7. Siguraduhing natanggal ng mabuti ang sabon at ilagay sa lalagyan upang tumulo ang tubig.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Roma 13:2 – “Ang lumalaban sa mga itinakda ng Diyos; malalapatan ng parusa ang sinumang lumalaban.”

Aralin 16 Sundin ang mga Batas

Totoo: Ang pagsuway sa tagapamahala ay pagsuway sa Diyos na nagtatag dito at sila ay mapaparusahan. (Reference: Roma 13:1-7)

Mabuti: Sumunod sa mga batas na pinatutupad saan mang lugar.

Tama: Sundin ang patakaran sa paaralan upang hindi maparusahan.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod sa Diyos.

C. Bible story: **Haring Jeroboam (1 Hari 12:20-33)**

Si Jeroboam ay isa sa mga tauhan ni Haring Solomon na lumaban sa kanya. Siya ay naging hari ng Israel nang si Rehoboam ang naghahari sa Judah. Siya ay naging hari din ng Judah pagkatapos ni Rehoboam. Sinuway ni Jeroboam ang mga utos na ipinalabas ni Haring Solomon. Nagtayo din siya ng mga diyos-diyosan sa Jerusalem upang ilayo ang mga tao kay Rehoboam, na anak ni Haring Solomon.

Naisip ni Jeroboam na kung magpapatuloy ang mga tao sa pagsamba sa Diyos, siguradong sila ay magbabalik sa paglilingkod kay Rehoboam na pumalit kay Solomon bilang hari ng Judah. Kapag nangyari ito, maaari siyang patayin ng mga taga Judah dahil sa kanyang pagsuway sa hari.

D. Familiar Story

Pumila ng Maayos

Nang tumunog ang bell para sa recess, sabay lumabas ng classroom ang magkaibigang Leo at Raffy papuntang canteen.

Raffy: Ang haba ng pila. Halika sumingit na lang tayo nagugutom na ko eh.

Leo: Huwag na. Baka magalit sila sa atin.

Raffy: Ang hina naman ng loob mo.

Leo: Ang sabi sa sign *Pumila ng Maayos*. Pumila na lang tayo. Sandali lang yan.

Raffy: Sige na nga.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na mabuti ang pagsunod sa mga batas o patakaran sa barangay, paaralan o sa bahay. Kung walang susunod sa mga patakaran magkakaroon ng kaguluhan, mawawalan ng katahimikan, hindi uunlad ang buong bayan at maaaring magdulot ng kapahamakan sa bawat isa.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat tayo ay sumusunod sa patakaran sa paaralan. Ang mga sumusunod ay napapangaralan at ang mga sumusuway ay napaparusahan.
- Mabuti ang sumunod sa patakaran at ito ang tamang gawin.

Aralin 17 Panalangin

Totoo: Ipanalangin ang lahat gayundin ang mga tagapamuno. (Reference: 1 Timoteo 2:1-2)

Mabuti: Ipanalangin ang mga tagapamuno.

Tama: Magpuri, magpasalamat at humiling sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Ipanalangin ang mga taong nangangalaga sa iyo.

B. Motivation — Alamin sa klase kung sino sa kanila ang nananalangin araw-araw at kung sino at ano ang kadalasang laman ng kanilang panalangin.

C. Bible story: Jeremiah (**Jeremiah 1:11-52:1**)

Si Jeremiah ay isa sa mga propeta ng Diyos. Ipinapanalangin niya ang mga namumuno sa kanilang bayan upang patuloy silang gabayan ng Diyos sa kanilang mga gawain at upang matupad nila ng tama at mabuti ang kanilang mga layunin bilang mga pinuno. Mabuting ipanalangin din natin ang mga namumuno sa ating bayan.

Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga alagad kung paano manalangin. Ang sabi Niya, *Manalangin kayo sa ganitong paraan:*

Ama naming nasa langit, sambahin ang pangalan mo.

Ikaw ang maghari sa amin,

*Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa
gaya ng sa langit.*

*Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan
namin sa araw na ito.*

*Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan,
Tulad ng aming pagpapatawad sa mga
nagkakasala sa amin.*

*At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok,
Kundi ilayo mo kami sa masama. Amen.*

D. Familiar Story

Panalangin ng Isang Bata

Pinupuri ko po Ikaw Panginoon dahil tunay na mabuti Ka sa akin at sa aking pamilya. Dakila ang Iyong mga gawa. Nagpapasalamat po ako sa lahat ng ibinibigay Mo sa amin, ang aming kinakain araw-araw, ang aming mga damit, ang aming tinitirahan. Salamat po sa mga laruan. Patawad po kung minsan ay makulit ako at hindi sumusunod kay Tatay, kay Nanay at sa mga teacher ko pati na rin kay ate at kay kuya.

Tulongan mo po ako na sumunod sa lahat ng sinasabi nila kahit mahirap. Jesus, tulongan mo po ako sa aking pag-aaral. Kanina, inaway ako ng classmate ko. Sana po bukas bati na kami. Ingatan Niyo po sina Tatay at Nanay, pati si ate at kuya. Ito po ang aking panalangin, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na mabuti ang panalangin hindi lamang para sa sarili kundi para sa ibang tao gaya ng ating mga tagapamuno. Hindi lamang puro paghiling ang magiging laman ng panalangin. Matutong magpuri, magpasalamat at humingi ng tawad sa lahat ng kasalangan nagawa sa tuwing manalangin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang panalangin ay paraan ng pakikipag-usap natin sa Diyos. Dito binabanggit natin ang ating pagpuri sa Diyos, pasasalamat sa kanyang kabutihan, paghingi ng tawad sa ating mga nagawang kasalanan at paghiling.
- Tandaan na ang panalangin ay hindi lamang para sa sarili. Dapat na alalahanin at isama din ang ibang tao sa panalangin lalo na ang mga pamilya at mga tagapamuno.

H. Preventive Health Care — Paglilinis sa loob ng Tahanan

- Kahalagahan: Upang maiwasan ang pagkakasakit dulot ng maruming kapaligiran. Mas kaaya-ayang manirahan sa isang tahananang maayos at malinis.
- Pamamaraan:
 1. Unahing punasan ng basang basahan ang mga kasangkapan na may alikabok.
 2. Iligpit ang mga gamit na nakakalat at ilagay ang mga ito sa kanilang mga lalagyan.
 3. Walisin mabuti ang sahig.
 4. Punasan ng basang basahan ang sahig upang maalis ang mga duming nakadikit sa sahig.
 5. Pahiran ng floor wax ang sahig (ito ay optional).

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Juan 14:14 – “Hilingin ninyo ang anuman sa aking pangalan, at gagawin ko ito.” (sinabi ni Jesus)

Aralin 18 Ang Kalikasang Kapakipakinabang

Totoo: Ang Diyos ang nagbibigay ng ating mga pangangailangan. (Reference: Filipos 4:19)

Mabuti: Magpasalamat sa Diyos sa biyayang natatanggap.

Tama: Maging mapagpasalamat sa lahat ng bagay.

B. Motivation — Tanungin isa-isa ang mga bata kung anong mga pagpapala ang kanilang natanggap mula sa Diyos sa umagang ito. Matapos nilang banggitin ay ipahiwatig nila ang kanilang pagpapasalamat sa pamamagitan ng pagbuo ng pangungusap na ito: “*Panginoon maraming salamat po sa _____*”.

C. Bible Story: **Elijah (1 Hari 17:1-16)**

Si Elijah ay isa sa mga propeta ng Diyos. Minsan sinabi sa kanya ng Diyos na magtago sa may bangin ng Carit, sa silangan ng Jordan. Sumunod agad si Elijah sa utos ng Diyos. Hindi na niya inisip kung paano siya mabubuhay doon o kung may makakain man siya dahil alam ni Elijah na hindi siya pababayaan ng Diyos. At ganoon nga ang nangyari.

Biniyayaan ng Diyos si Elijah ng tubig na maiinom mula sa batis at inutusan ng Diyos ang mga

uwak na maghatid sa kanya ng pagkain. Umaga at hapon ay nagdadala ang mga uwak ng pagkain sa kanya.

D. Familiar Story

Listahan

Pagdating ni Jelly sa bahay nila, inabot niya agad kay nanay ang isang listahan na ibinigay sa kanila ng teacher.

Nanay: Ano ba ito anak?

Jelly: Kailangan daw po namin dalhin bukas ang lahat ng mga nakalista dito.

Nanay: Sige Jelly, ihahanda ko ang mga ito para sa project mo.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na ang kalikasan ay nilikha ng Diyos upang matugunan ang ating mga pangangailangan kaya nararapat lang na pangalagaan at gamitin ito ng wasto.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang Diyos ang nagbibigay sa kanila ng kanilang pangangailangan. May mga taong ginagamit ang Diyos upang maibigay ang kanilang mga pangangailangan.
- Ang lahat ng ating pangangailangan ay natutugunan sapagkat ang lahat ng ito ay nagmumula sa kalikasang nilikha ng Diyos. Dahil dito dapat ang batang tulad nila ay maging mapagpasalamat sa Diyos at sa kanilang mga magulang sapagkat sila ang tumutugon dito.

Aralin 19 Ang Kalikasang Mahiwaga

Totoo: Ang mga nilikha ng Diyos ay nilikha niya ayon sa kanyang kapangyarihan, karunungan at pang-unawa. (Reference: Jeremias 10:12)

Mabuti: Magtiwala na walang imposible sa Diyos.

Tama: Pakinabangan at itanim ang mga buto na nagbibigay ng bunga o tumutubo upang maging gulay.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa katangian ng Diyos gaya ng pagiging makapangyarihan niya.

C. Bible Story: **Jonah (2 Kings 14:25 – Jonah 4:9)**

Isang araw, inutusan ng Diyos si Propeta Jonah na magpunta sa bayan ng Nineveh upang mangaral dahil sa sukduhan na ang kasamaan ng mga tao doon. Imbes na sumunod siya sa Diyos, nagdesisyon si Jonah na magtago sa Diyos.

Sumakay si Jonah sa isang barkong patungo sa Tarsis. Nagpadala ng malakas na bagyo ang Diyos nang sila ay nasa gitna na ng dagat. Ang barko ay halos magiba sa lakas ng alon at hangin. Ang mga kasama ni Jonah sa barko ay natakot at tumawag sa kani-kanilang diyos.

Si Jonah ay inutusan ng kapitan na manalangin sa kanyang Diyos at baka sila ay mapansin at hindi mapahamak. Nagpalabunutan silang lahat upang malaman kung sino ang dahilan ng malaking bagyo.

Ang pangalan ni Jonah ang nabunot. Ipinagtapat niyang pinagtaguan niya ang Diyos dahil ayaw niyang sundin ang Kanyang utos.

Sinabi ni Jonah, *“Itapon ninyo ako sa dagat dahil alam kong ako ang dahilan ng malakas na bagyong ito.”*

Ganoon nga ang kanilang ginawa at tumahimik ang dagat. Ang Diyos ay nagpadala ng isang dambuhalang isda upang lulunin si Jonah. Nanatili siya sa loob ng tiyan ng isda sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi. Napag-isipan ni Jonah ang kanyang pagkakamali. Nanalangin siya sa Diyos at iniluwa siya ng malaking isda sa tuyong lupa.

D. Familiar Story

Ang Kalabasa

Isang araw ng Sabado, nakita ni Sonny ang kanyang tatay sa likod ng kanilang bahay na nagbubungkal ng lupa.

Sonny: 'Tay ano po yang itatanim niyo?

Tatay: Ito ay buto ng kalabasa. Alam mo ba na ang napakaliit na butong ito ay magbibigay ng napakalaking bunga!

Sonny: Talaga po tatay? Ang galing naman. Parang magic!

Tatay: Tama anak. Ganyan talaga kahiwaga ang kalikasan na nilikha ng ating Dakilang Diyos!

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ay makapangyarihan. Siya ang lumikha ng lahat may-buhay at walang buhay. Ang mga ito ay gagamitin niya ayon sa kanyang kalooban at naisin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na tunay na kamangha-manghang malaman at pagmasdan na ang halos lahat ng ating kinakain ay nagmumula sa isang buto na sumibol upang maging halaman, puno, prutas o gulay. At sa pamamagitan ng kalikasang ito na nilikha ng Diyos ay mayroon tayong napagkukunan ng pagkain.
- Dahil dito ay dapat ang bawat isa gaya nilang mga bata ay alamin at kilalanin ang mga buto na mapapakinabangan, na sa tuwing itatanim ay magbibigay ng pagkain sa kanila.

H. Preventive Health Care — Tamang oras ng pagtulog.

- Kahalagahan - Upang maging maayos at laging malakas ang pakiramdam at laging malusog ang pangangatawan.
- Pamamaraan:
 1. Panatilihing sapat ang oras ng ating pagtulog. Walong (8 oras.) Araw-araw ang dapat na tulog ng isang tao lalong-lalo na ang mga batang katulad ng inyong edad.
 2. Maglinis muna ng katawan at magsuot ng malinis na damit pang-tulog upang sa gayon ay comfortable sa pagtulog.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Jeremias 10:12 — “Ngunit ang daigdig ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, itinatag niya ang mundo sa pamamagitan ng kanyang karunungan at inilatag ang kalangitan sa pamamagitan ng kanyang kaunawaan.”

Aralin 20 Mga Nilikhang Nakapagbibigay Kasiyahan sa Diyos

Totoo: Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay nagbigay kasiyahan sa kanya.

(Reference: Genesis 1-2)

Mabuti: Mamuhay ng ayon sa kalooban ng Diyos.

Tama: Magpakita ng magandang pag-uugali na may motibong makapag-bigay kasiyahan sa Diyos.

B. Motivation — Magpakita ng larawan ng sumusunod:

- Bundok, puno at mga halaman.
- Dagat na malinis.
- Estero na puno ng basura.
- Bundok na nakakalbo at puro subdivision.

Sa bawat larawang pinapakita tanungin sa kanila kung ang itsura ng lugar na iyon ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos. Matapos ipakita ang lahat ng larawan alamin sa kanila kung ano ang itsura ng kalikasang nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos. (Pakinggan ang kanilang mga sagot.)

Sabihin sa kanila na bago ihayag ang kwento may tanong kang iiwan na sasagutin nila matapos ang leksiyon: *Anong uri ng tao ang makapagbibigay kasiyahan sa Diyos?*

C. Bible Story: **Esther (Esther 4-7)**

Si Ester ay isang Judio. Siya at ang kanyang mga kalahi ay napadpad sa Persia kung saan ang hari ay si Haring Asuero. Dahil sa angking kagandahan ni Ester, nabighani sa kanya ang hari at siya ay napili na maging bagong reyna.

Noong panahong iyon, hindi basta-basta nakalalapit ang kahit sinoman sa hari kung hindi siya ipinatatawag. Ang sinomang sumuway sa batas na ito ay maaaring bitayin.

Minsan nabalitaan ni Reyna Ester na may isang tao na may mataas na posisyon sa Persia ang gustong lumupig sa kanyang mga kalahi. Dahil sa kanyang kagitingan at pagmamahal sa kanyang bayan, gumawa si Reyna Ester ng paraan upang makausap ang hari bagamat ito ay ipinagbabawal. Handa siyang ibigay ang kanyang buhay upang mailigtas sa kapahamakan ang kanyang mga kalahi.

Mabuti na lamang at ikinatuwa ng hari ang pagkakita sa kanya. Kaya sinabi ni Reyna Ester kay Haring Asuero ang tungkol sa batas na ipinasa ni Haman, tungkol sa pagpatay sa mga Judio. Hiniling ni Reyna Ester na ito ay ipawalang bisa. Pinagbigyan naman ng hari ang kanyang kahilingan.

D. Familiar Story

Maganda

Si Anne ay isang magandang bata. Palagi siyang may handang ngiti para sa lahat kahit pa sira ang ibang ngipin niya. Palaging malinis sa katawan si Anne dahil araw-araw siyang naliligo. Ang damit niya ay laging malinis kahit ito ay luma na. Nagsisipilyo din siya tuwing matapos kumain. Mahalaga ang panlabas na kalinisan ngunit itinuro ng mga magulang ni Anne na higit na mas mahalaga ang panloob na kagandahan.

Kaya naman, sinanay siya ni Nanay na maging magalang, masipag, matulungin at mapagpakumbaba.

Si Anne ay laging handang tumulong sa mga gawain sa loob ng tahanan nila. Paggising pa lang sa umaga ay inaayos na niya ang kanyang hinigaan. Kung siya ay may nagawang pagkakamali ay madali siyang humihingi ng kapatawaran. Hindi lang maganda si Anne. Matalino din siya dahil masipag siyang mag-aral.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na gaya ni Ester ang kalikasang nilikha ng Diyos ay nakapagbibigay kasiyahan sa kanya. Ang mga hayop at halaman na kanyang nilikha ay nakapagbigay kasiyahan sa

kanya. Ang taong kanyang nilikha ay nakapag-bigay kasiyahan sa kanya. Sa ngayon tayo ay patuloy na makapag-bibigay kasiyahan sa Diyos kung tayo ay may pusong nagtitiwala sa kanya. At bunga nitong pagtitiwala na ito ay magagawa natin ang kalooban niya sa ating buhay.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang kagandahan ng kalooban ng tao ay nagbibigay kasiyahan sa Diyos art sa tao. Ang panloob na kagandahan ay higit na mahalaga sapagkat ang Diyos ay nakatingin sa puso ng tao at hindi sa panlabas na itsura.